



# Mga Hangin, Mga Alon, at Mga Hayop

## Mula sa Dagat

### Leksyon 21

1. Sa pangitain ni Daniel, apat na mga hangin ang nagsisihip sa ano?

*Daniel 7:2* \_\_\_\_\_

2. Sa simbolikong propesiya, saan kumakatawan ang mga katawan ng tubig?

*Apocalipsis 17:15* \_\_\_\_\_

3. Ano ang umahon mula sa “dagat” na ito?

*Daniel 7:3* \_\_\_\_\_

4. Ang malalaking mga hayop na ito, na apat, ay mga ano?

*Daniel 7:17* \_\_\_\_\_

5. Ano ang katulad ng unang hayop?

*Daniel 7:4* \_\_\_\_\_

6. Anong bansa, bilang leon, ang bumali sa mga buto ng Israel?

*Jeremias 50:17* \_\_\_\_\_

7. Anong bansa ay mayroong mga pakpak ng agila?

*Ezekiel 17:3, 12* \_\_\_\_\_

Ipinapahayag ng arkeolohiya na ang mga nilalang na tulad ng leon-agila ay pangkaraniwang mga simbolo sa sinaunang Babilonia. Itinuturing ang mga leon bilang makaharing mga hayop, ipinaukit iyon ni Nabucodunosor sa kanyang mga pader at ipinatatak sa ladrilyo na kasama sila.

8. Ano ang katulad ng ikalawang hayop?

*Daniel 7:5* \_\_\_\_\_

Sa kasaysayan, ang Babilonia ay sinundan ng pinagsamang paghahari ng mga Medes at mga taga- Persia (Daniel 5: 28-31). Ang kahariang ito ay kumakatawan sa Daniel 2 sa pilak na dibdib at mga bisig ng larawan, at sa katipulo 8 sa lalaking tupa na may dalawang mga sungay. Kung paanong ang isang sungay ng lalaking tupa ay mas mataas kaysa sa isa (8:3), kaya ang oso ng Daniel 7: 5 ay lumitaw sa isang tagiliran. Sa simula, ang mga Medes ay mas makapangyarihan sa dalawa. Hindi nagtagal ang mga taga-Persia ang naging mas makapangyarihang bahagi, na tumutupad sa hulang ang “ang lalong mataas ay tumaas na huli.” (8: 3). Sinasabi ng Daniel 8: 4 na ang lalaking tupa na Medo-Persia ay nanunudlong “sa dakong kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan.” Sa pagitan ng 547- 525 BC, nasakop nila ang Lydia, Babilonia, at Egypt. Ito maaari ang nagpapaliwanag sa tatlong mga tadyang na nasa pagitan ng mga ngipin ng lalaking tupa.

9. Ano ang katulad ng ikatlong hayop?

*Daniel 7:6* \_\_\_\_\_

Ang Medo-Persia ay sinundan ng Grecia. Ang may pakpak na leopardong kahariang ito ay tumutugon sa tansong tiyan at mga hita sa larawan sa katipulo 2, at sa kambing sa katipulo 8. Ang mga pakpak ay nagbibigay ng kahulugang nagpapahiwatig ng kabilisan . Kung paanong ang kambing sa Katipulo 8 nanggaling mula sa kanluran “at hindi sumayad sa lupa”, gayun ang pananakop ni Alexander

naisagawa ng mabilis. Kung paanong ang leopardo ay may apat na pakpak at apat na ulo (7: 6), gayun lumaki ang apat na sungay ng kambing (8: 8) na kumakatawan sa apat na paghahati-hati ng emperiong Grecia (8: 22). Kawili – wili ding pansinin na ang mga barya ng mga taga- Macedonia ay ginawa na may pagkakatulad sa kambing.

**10. Ang ika-apat na hayop ay kakilakilabot at ano?**

*Daniel 7:7* \_\_\_\_\_

**11. Saan kumakatawan ang ika-apat na hayop na ito?**

*Daniel 7:23* \_\_\_\_\_

Ang ika-apat at pinaka-huling sekular emperio ng sanlibutan ay Roma. Ang malaking mga ngiping bakal (7: 7) ng hayop na ito ay nagpapaalala sa atin sa bakal na hita sa larawan sa Katipulo 2.

**12. Ilang mga sungay mayroon ang ika-apat na hayop?**

*Daniel 7:7* \_\_\_\_\_

**13. Saan kumakatawan ang mga sungay ng kahariang iyon?**

*Daniel 7:24* \_\_\_\_\_

Sa taong A.D. 476, ang kanlurang Roma ay lubusang ibinigay ang kanyang kapangyarihan sa sampung mga barbarong bansa: Franks(French), Alemanni (Germans), Burgundians (Swiss), Suevi (Portuguese), Vandals (in Northern Africa), Visigoths (Spanish), Anglo-Saxons (English), Ostrogoths, Lombards, and Heruli (bawat isa sa Italy).

**14. Ano ang sumibol sa mga sungay na ito?**

*Daniel 7:8* \_\_\_\_\_

**15. Ano ang nangyari sa tatlo sa unang mga sungay?**

*Daniel 7:8* \_\_\_\_\_

Sa talatang 24 sinasabi, “kaniyang ibabagsak ay tatlong hari.” Sa kasaysayan, ang sungay na kapangyarihang ito ang may pananagutan sa pagbagsak ng Heruli sa taong 493, ang Vandals noong 534, at ang Ostrogoths noong 538. Ang nalalabing pito ay nagpapatuloy pa rin sa ngayon bilang mga bansa sa Europe.

**16. Anong uri ng mata mayroon ang maliit na sungay na ito?**

*Daniel 7:8* \_\_\_\_\_

**17. Ano pang mayroon siya?**

*Daniel 7:8* \_\_\_\_\_

**18. Ano ang mukha niya kumpara sa iba niyang mga kasama?**

*Daniel 7:20* \_\_\_\_\_

Ang mga katangiang ito, kabilang ang kontekstwal na papahiwatig na siya ay gumanap sa espirtual na kaharian at mayroon ding kapangyarihang politikal, paliwanag sa pahayag na “siya'y magiging kaiba kay sa mga una,

**19. Nakita ni Daniel hanggang ano ang nangyari?**

*Daniel 7:9* \_\_\_\_\_

**20. Ang kahatulan ay nalagda, at ano ang nangabuksan?**

*Daniel 7:10*

---

Ang “cast down -KJV, nangaglagay – Ang Biblia” sa talatang 9 ay lumang Ingles para sa “nakahanda na.” Ang talata ay nagpapahiwatig na ang paghuhukom na ito ay mangyayari sa gitna ng mga hukbo ng langit, habang sa lupa ang pangwakas na mga gawain ng mga kaharian ng mga tao ay nalalapit ng magtapos. Ito, samakatuwid, ay ang pagsisiyasat na paghuhukom na ating pinag-aralan sa leksyon 16.

**21. Paano ang bunga ng paghuhukom maka-aapekto sa maliit na sungay?**

*Daniel 7:26*

---

**Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....**

**O** Nauunawaan kong ang sampung mga sungay sa Daniel 7 ay kumakatawan sa mga kahariang babangon sa kapangyarihan pagkatapos ng pagbagsak ng Roma.

**O** Nauunawaan kong tatlo sa mga kahariang iyon ay mahuhugot sa pagsasanib ng iba pang kapangyarihan.

**Karagdagang mga puna:** \_\_\_\_\_

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Susunod na Leksyon:** *Ang Hayop ng Apocalipsis 13*